

YOU HAVE QUESTIONS...

LET'S TALK ABOUT THEM!

Make sure you have all the facts about the COVID-19 vaccines.



How safe is the vaccine? It was created quickly...

All COVID-19 vaccines available in the United States are safe and very effective at preventing COVID-19 illness. The COVID-19 vaccines were tested with tens of thousands of people to make sure they meet safety standards and protect adults of different races, ethnicities, and ages.

Will I feel sick after I get the vaccine?

First of all, you can't get COVID-19 from the vaccine. But after you get the vaccine, you could have some side effects. These side effects include headaches, feeling tired, or having a stomachache. The most common side effect is feeling sore or swollen where you got the shot. These side effects are normal! They are signs that your body is building protection. These side effects may be unpleasant for 1-3 days, but they are not dangerous. If you don't have side effects, don't worry – your body is still building protection.

I've already had COVID-19. Do I still need a vaccine?

Yes. You should get the vaccine even if you have already had COVID-19. Some people have gotten COVID-19 more than once. The vaccine also offers more protection against reinfection than your body could develop on its own from already having COVID-19.

COVID-19's survival rate is high. Do I really need the vaccine?

While most people who get COVID-19 recover, some develop serious health issues that can affect them for a long time. By getting the vaccine, you lessen your risk of getting sick or being hospitalized with COVID-19. You also are helping to reduce spread of COVID-19.

What's in the vaccines?

You can find the ingredient lists of all vaccines on their websites. None of the vaccines contain the live virus that causes COVID-19. Instead, these vaccines contain "instructions" from the virus so that your body can learn how to create the proteins needed to fight it.

How many vaccine doses do I need? One or two?

The Johnson and Johnson COVID-19 vaccine requires one shot. The Pfizer-BioNTech and Moderna COVID-19 vaccines require two shots. For those vaccines, it is important to get both shots to gain the most protection. Before you leave the vaccination site, make an appointment to get the second shot 3-4 weeks after the first shot, depending on the vaccine. This is the recommended time to get your second shot.

Is the vaccine safe for children?

In May 2021, the Pfizer vaccine was approved anyone age 12 and up after months of testing. Additional trials are underway for the other vaccines and additional age groups. As with all COVID-19 vaccine testing, every study, every phase, and every trial to determine the vaccine is safer for children was reviewed by the FDA and a vaccine safety group.


Is the vaccine free to me?

Yes - The COVID-19 vaccine is free to everyone, regardless of insurance or immigration status. When you go to get your vaccine, you might be asked for your insurance card or your Medicaid or Medicare information. Why? The place where you are getting the vaccine might charge a small fee to your insurance company or the government. This charge cannot be passed on to you. You cannot be denied a vaccine if you do not have insurance. If you don't have insurance, Medicare, or Medicaid, just say so. You still get the vaccine for free.

PAG-USAPAN NATIN ANG

TUNGKOL SA IYONG MGA KATANUNGAN!

Siguraduhing alam mo ang lahat ng katotohanan tungkol sa mga bakuna sa COVID-19.



Gaano kaligtas ang bakuna? Mabilis itong ginawa...

Ligtas at tunay na epektibo sa pagpigil sa sakit na dulot ng COVID-19 ang lahat ng bakuna sa COVID-19 na mayroon ang Estados Unidos. Sinubukan ang mga bakuna sa COVID-19 sa libo-libong tao para siguraduhing natutugunan ng mga ito ang mga pamantayan sa kaligtasan at pinoprotektahan nito ang mga taong nasa wastong gulang na may iba't ibang lahi, etnisidad, at edad.

Magkakasakit ba ako pagkatapos kong matanggap ang bakuna?

Una sa lahat, hindi ka magkakaroon ng COVID-19 mula sa bakuna. Ngunit pagkatapos mong matanggap ang bakuna, maaari kang magkaroon ng mga side effect. Kabilang sa mga side effect na ito ang pananakit ng ulo, pagkapagod, o pananakit ng tiyan. Ang pinakakaraniwang side effect ay ang pakiramdam na masakit o namamaga ang bahagi ng katawan kung saan ka binakunahan. Normal ang mga side effect na ito! Ang mga ito ay palatandaang bumubuo ng proteksyon ang iyong katawan. Maaaring hindi mabuti sa pakiramdam ang mga side effect na ito sa loob ng 1-3 araw, pero hindi mapanganib ang mga ito. Kung wala kang side effect na nararamdaman, huwag mag-alala – bumubuo pa rin ang iyong katawan ng proteksyon.

Nagkaroon na ako ng COVID-19. Kailangan ko pa rin ba ng bakuna?

Oo. Dapat kang tumanggap ng bakuna kahit na nagkaroon ka na ng COVID-19. Nagkaroon ng COVID-19 ang ilang tao nang higit pa sa isang beses. Nagbibigay din ang bakuna ng karagdagang proteksyon laban sa muling pagkakaroon ng impeksyon na maaaring mabuo mismo ng iyong katawan nang dahil sa pagkakaroon ng COVID-19.

Mataas ang rate ng nakakaligtas mula sa COVID-19. Kailangan ko ba talaga ang bakuna?

Bagaman gumagaling ang karamihan sa mga taong nagkaroon ng COVID-19, nagkakaroon ang iba ng malalalang isyu sa kalusugan na nakakaapekto sa kanila nang matagalan. Sa pamamagitan ng pagtanggap ng bakuna, binabawasan mo ang panganib na magkaroon ng sakit o maospital nang dahil sa COVID-19. Tumutulong ka ring mabawasan ang pagkalat ng COVID-19.

Ano ang mga nilalaman ng bakuna?

Makikita mo ang mga listahan ng sangkap ng lahat ng bakuna sa mga website nito. Wala sa mga bakuna ang may buhay na virus na nagdudulot ng COVID-19. Sa halip, naglalaman ng “mga tagubilin” mula sa virus ang mga bakunang ito para matuto ang iyong katawan kung paano bumuo ng mga kinakailangang protina para labanan ito.

Ilang dosis ng bakuna ang kailangan ko? Isa o dalawa?

Isang dosis ang kailangan ng bakuna sa COVID-19 ng Johnson and Johnson. Dalawang dosis ang kailangan ng mga bakuna sa COVID-19 ng Pfizer-BioNTech at Moderna. Para sa mga naturang bakuna, mahalagang tanggapin ang parehong dosis para makuha ang pinakaepektibong proteksyon. Bago ka umalis sa lugar ng pagpapabakuna, gumawa ng appointment para makuha ang pangalawang dosis 3-4 na linggo pagkatapos ng unang dosis, depende sa bakuna. Ito ang inirerekomendang panahon para kunin ang iyong pangalawang dosis.

Ligtas ba ang bakuna para sa kabataan?

Noong Mayo 2021, inaprubahan ang bakuna ng Pfizer para sa sinumang 12 taong gulang pataas matapos ang ilang buwang pagsubok. Kasalukuyang isinasagawa ang mga karagdagang pagsubok para sa mga bakuna at karagdagang pangkat ng edad. Tulad ng sa lahat ng pagsubok sa bakuna sa COVID-19, sinuri ng Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, FDA) at ng isang grupo para sa kaligtasan ng bakuna ang bawat pag-aaral, bawat yugto, at bawat pagsubok para matukoy ang kaligtasan ng bakuna para sa kabataan.

Libre ba ang bakuna para sa akin?

Oo - Libre ang bakuna sa COVID-19 para sa lahat, nang anuman ang katayuan sa insurance o imigrasyon. Kapag kukunin mo na ang iyong bakuna, maaaring hingin ang iyong card sa insurance o ang iyong impormasyon sa Medicaid o Medicare. Bakit? Maaaring maningil ng maliit na halaga mula sa kompanya ng iyong insurance o sa gobyerno ang lugar kung saan mo kukunin ang bakuna. Hindi maaaring ipasa ang singil na ito sa iyo. Hindi maaaring itanggi sa iyo ang bakuna kung wala kang insurance. Kung wala kang insurance, Medicare, o Medicaid, sabihin mo lang. Makukuha mo pa rin nang libre ang bakuna.